Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro, 5214

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-3 NG OKTUBRE 2005 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Gabriel C. Hermilao | - | Konsehal |
| Kgg. Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andalion | - | -do- |
| Kgg. Sammy O. Madra | - | -do- |
| Kgg. Roberto A. Hilario | - | -do- |
| Kgg. Eric Michael R. Pajotal | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Joseph Rey S. Amparo | - | Pangulo, Pederasyon ng SK |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Konsehal |

x------------------------------------------------------------------------x

# KAUTUSAN BLG. 05-10-053

## KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN HINGGIL SA PAG-AALAGA NG BABOY SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

**May-Akda: Kgg. Rosalinda M. Cabagay**
**Tserman: Lupon ng Kalusugan at Sanitasyon**

**Pangalawang May-Akda: Kgg. Gabriel C. Hermilao**
**Tserman: Lupon ng Agrikultura**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

**SEKSYON 1.** Walang sinumang indibidwal, samahan o kooperatiba ang maaaring mag-alaga ng baboy ng walang kaukulang permiso o kapahintulutan mula sa Tanggapan ng Punong Bayan sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro;

**SEKSYON 2.** Ang pangkalahatang panuntunan ay hindi lalabis sa dalawang ulo ng patabaing baboy ang maaring alagaan sa mga likod-bahay sa mga matataong lugar maliban sa mga itinuturing na "large scale hog raisers" na nangangailangan munang kumuha ng mga sumusunod na mga permits:

a) zoning permit;
b) sanitary permit;
c) building permit;
d) mayors permit;

**SEKSYON 3.** Hindi pinahihintulutan ang mga itinuturing na "large scale hog raisers" na magtayo ng kural at mag-alaga ng inahing baboy sa mga urban areas;

Scanned with CamScanner

**SEKSYON 4.** Kinakailangang ma-inspeksyon muna ng Rural Sanitary Inspector ang mga lugar na pagtatayuan ng kural;

**SEKSYON 5.** Ang lahat ng mga aplikante para makapag-alaga ng baboy ay kinakailangang kumuha muna ng kaukulang permiso sa pagtatayo ng kural at pagbabayad ng halagang Php100.00 sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman. Ang lahat ng pinayagan ay inaatasang magkaroon ng "septic tank" ang bawat kural upang mapangalagaan ang kalusugan at sanitasyon. Inaatasan ang lahat ng mag-aalaga ng patabaing baboy sa likod-bahay sa matataong lugar na kumuha din ng Mayors Permit;

**SEKSYON 6.** Inaatasan ang Rural Sanitary Inspector na magsagawa ng buwanang pag-inspeksyon sa mga kural na itinayo at magsumite ng kaukulang rekomendasyon sa Tanggapan ng Punong Bayan;

**SEKSYON 7.** Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay may sumusunod na penalidad:

Unang paglabag – pagmumulta ng halagang Php500.00;

Ikalawang paglabag – pagmumulta ng halagang hindi bababa sa Php1,000.00 at hindi hihigit sa Php5,000.00 o pamimilanggo ng hindi lalampas sa anim (6) na buwan o pagmumulta at pamimilanggo alinsunod sa hatol ng Hukuman;

**SEKSYON 8.** Ang lahat ng Ordinansa o Kautusan na salungat sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa na;

**SEKSYON 9.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ang pagpapatalastas;

**ISINABATAS** ngayong ika-3 ng Oktubre, 2005, Bulalacao, Silangang Mindoro.

x----------------------------------------------------------------------------x

| | | |
|---|---|---|
| **GABRIEL C. HERMILAO**<br>Konsehal | **EFREN S. ACOSTA**<br>Konsehal | **ROSALINDA M. CABAGAY**<br>Konsehal |
| **LEONARDO A. ANDALLON**<br>Konsehal | **SANNY O. MADRA**<br>Konsehal | **ROBERTO A. HILARIO**<br>Konsehal |
| **ERIC MICHAEL R. PAJOTAL**<br>Konsehal | **JUAN L. SALAS, SR.**<br>Pang., Liga ng mga Brgy. | **JOSEPH REY S. AMPARO**<br>Pangulo, SK Pederasyon |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SALVADOR R. MAGALAY**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**SINAKSIHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: OCT. 24, 2005

Wrd.ord.doc
060405/bms/

Scanned with CamScanner